

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Naghahanap ang Lungsod ng Brampton ng mga katuwang sa pagtayo ng pampublikong edukasyon at kampanya ng kamalayan para wakasan ang karahasan sa pamamahay**

BRAMPTON, ON (Enero 29, 2020) – Sa araw na ito, sa pagpupulong ng Komite ng Konseho nito, ang Konseho ng Lungsod ng Brampton ay nag-apruba sa panukala na ipinasa ng Rehiyonal na Konsehal na si Rowena Santos na magpatuloy sa pakikipagtulungan sa Rehiyonal na Pulisya ng Peel, at sa mga samahan ng komunidad para itakda ang pampublikong edukasyon at kampanya ng kamalayan para wakasan ang karahasan sa pamamahay sa Brampton at Rehiyon ng Peel.

Noong Setyembre 2019, ang Konseho ng Lungsod ng Brampton ay magkaisang nagpasa ng panukala para magpatuloy sa pagsuporta at pakikipagtulungan sa umiiral na mga programa ng rehiyon ng Peel na nagbibigay ng mga serbisyo sa mga apektado ng karahasan sa pamamahay, kabilang ang Peel Committee Against Woman Abuse (PCAWA), Ligtas na Sentro ng Peel, at Mga Serbisyo ng Peel sa mga Biktima.

Sa nakaraang taon, higit sa 100 residente, kawani ng Lungsod at napiling mga opisyal ang sumali sa *Take Back the Night*, isang event sa City Hall na pinangunahan ng PCAWA.

Nakikilahok ang Lungsod ng Brampton sa Table ng Liderato sa Kaligtasan ng Komunidad at Sistema ng Kabutihan na pinangunahan ng Rehiyon ng Peel. Ang pokus ng Table ng Sistema ng Liderato ay para bumuo at magpatupad ng mga estratehiya na tumutugon sa mga sanhing ugat ng mga isyu na negatibong nakakaapekto sa kaligtasan at kabutihan ng mga komunidad sa loob ng Rehiyon ng Peel. Sa loob ng mas malaking pangkat, ang isang Table ng Aksyon sa Pamilya ng Karahasan ay itinataguyod sa pagtugon sa masalimuot na isyu ng karahasan sa pamilya, kabilang ang karahasan sa pamamahay.

Ang Rehiyonal na Pulisya ng Peel ay nagbibigay ng [sari-saring impormasyon at lokal na mga resource](#) para sa mga residente ng Brampton, kabilang ang: ligtas na mga lugar para humingi ng tulong, mga shelter, pagpapayo sa komunidad, mga programa at mga serbisyong pansuporta, mga legal na resurce at mga suporta para sa mga bata at matatanda.

Kasunod ng pag-apruba ng konseho noong Pebrero 5, 2020, mahigpit na makikipagtulungan ang Lungsod sa lokal na mga stakeholder, kabilang sa Rehiyon ng Peel, Rehiyonal na Pulisya ng Peel, at mga samahan ng komunidad, para buuhin ang kampanyang ito at magsisikap sa pagwakas sa karahasan sa pamamahay at paglikha ng mas ligtas na lungsod para sa lahat.

### **Mga Quote**

“Ang pagbibigay ng katapusan sa karahasan sa pamamahay ay mahalaga para sa Konseho ng Lungsod ng Brampton. Habang nagsisikap ang Konseho na buuhin ang Nakalulusog at Ligtas na

komunidad, makakagawa tayo nang higit pa para makipagtulungan sa ating mga katuwang sa Rehiyon at sa Rehiyonal na Pulisya ng Peel para dagdagan ang kamalayan tungkol sa karahasan sa pamamahay, ihikayat ang pagsumbong, at makipaglaban sa emosyonal at pinansyal na pang-aabuso ng mga residente ng Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang karahasan sa pamamahay ay isang lumalaking alalahanin sa kaligtasan ng komunidad sa Brampton. Bilang isang katuwang sa pakikipaglaban sa karahasan sa pamamahay, ang edukasyon at kamalayan ay ang mahalagang mga estratehiya ng pagkilos para harapin ang mga isyu kaya dinidirekta natin ang mga resource para gumawa ng kampanya ng kamalayan ng publiko. Nakakaligalig ang pag-aabuso at kamatayan kaugnay ng karahasan sa pamamahay at lubos na hindi mapapangatwiran. Gusto nating ipaalam sa lahat at palakasin kung saan sila pwedeng makakuha ng suporta.”

- *Rowena Santos, Chair, Mga Serbisyo sa Komunidad, Panrehiyong Konseho, Wards 1 & 5, Lungsod ng Brampton*

“Nararamdaman ko na napakahalaga na makipagtuwang ang Lungsod ng Brampton sa mga organisasyon ng komunidad para dagdagan ang kamalayan at magkasamang protektahan ang mas maraming babae na maaaring magiging biktima ng karahasan sa pamamahay.”

- *Baldev Mutta, Pinunong Ehekutibong Opisyal, Mga Serbisyong Pangkalusugan ng Komunidad ng Punjabi*

“Ang bawat isa ay nararapat na manirahan sa buhay na walang karahasan. Tayong lahat ay may mahalagang papel na gagampanan sa pagtanggap ng karahasan sa buhay na mga babae at kanilang mga anak sa ating komunidad.”

- *Sharon Floyd, Ehekutibong Director, Interim Place*

“Ang mga kawani ng Lungsod ng Brampton ay patuloy na dedikado sa mahalagang kilos na ito at nakikipagtulungan sa mga stakeholder para wakasan ang karahasan sa pamamahay. Habang binubuo natin itong pampublikong edukasyon at kampanya sa kamalayan sa ating komunidad at ating panrehiyon at mga katuwang na tagapatupad ng batas, nagpapalawak tayo sa mahalagang trabaho na ginagawa na sa pamamagitan Table ng Kaligtasan ng Komunidad at Liderato ng Sistema ng Kabutihan.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na

ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

#### **KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media & Pakikilahok sa  
Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)